Alamin ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.


# Hello mula sa BOLIVIA!

Ang Bolivia ay isang bansa sa South America. Mahigit 12 milyong tao ang naninirahan doon!



## MGA ZEBRA HELPER


Nagbibihis na parang mga zebra ang mga batang manggagawa sa lungsod ng La Paz at tinutulungan ang mga tao na makatawid ng kalye nang ligtas. Bumibisita rin sila sa mga bata sa mga paaralan at ospital.



## TATLONG TEMPLO

Ang unang templo sa Bolivia ay inilaan noong 2000 sa Cochabamba. Dalawang templo pa ang kasalukuyang nakaplanong itayo, sa La Paz at Santa Cruz!

MGA LARAWANG-GUHIT NI NATALIE BRISCOE



## MGA HAYOP SA KAGUBATAN

Ang isang bahagi ng Amazon rainforest ay nasa Bolivia. Doon naninirahan ang maraming hayop, kabilang na ang mga macaw, sloth, at higanteng otters.




## WIKA

Ang Bolivia ay mayroong mahigit 30 opisyal na mga wika! Karamihan sa mga tao ay nagsasalita ng Spanish. Ang iba pang karaniwang wika ay ang Quechua, Aymara, at Guaraní.




AKTIBIDAD




## Mga Iskulturang Yari sa Asin

Ang Bolivia ang may pinakamalaking salt flat sa buong mundo. Paghaluin ang **1 tasang asin, 2 tasang harina**, at **¾ na tasa ng mainit na tubig** hanggang sa maging masa ito. Pagkatapos ay ihugis ang masa ayon sa sarili mong iskulturang yari sa asin!

RESIPE



## P'esque de Quinua

Ang ilang Bolivian ay kumakain ng quinoa porridge sa almusal. Narito ang isang bersyon na maaari mong subukan!

1. Hugasan ang **1 tasa ng puting quinoa (o bigas)**. Ilagay sa isang kaserolang may **4 na tasang tubig**. Pakuluin at hayaang kumulo nang 15 minuto.
2. Alisin ang tubig. Durugin ang quinoa sa gilid ng kaserola gamit ang kutsara.
3. Ibalik sa mahinang apoy. Haluan ng **2 tasang gatas, 1 kutsarang butter,** at **1/3 tasang ginadgad na keso** hanggang sa sama-samang matunaw. Lagyan ng **asin** at **cumin**.

Siguraduhing magpatulong sa isang adult!